# RESBAKUNA: KASANGGA NG BIDA

*by:*
**Oyeth L. Marteja**
*Teacher II, Biaan Aeta Integrated School*

Matatandaan na unang inanunsyo sa SONA ni Pangulong Bongbong Marcos ang pagbubukas ng mga paaralan matapos sumailalim ang buong Pilipinas sa blended learning modality nang dalawang taon. Bagaman may banta pa rin ng COVID-19 ay hindi mapasusubalian ang pangangailangan ng mga mag-aaral na magbalik na sa mga silid-aralan upang tugunan ng guro ang puwang sa pagkatuto na dulot ng alternatibong pamamaraan sa pagtuturo na iniatas ng Kagawaran ng Edukasyon. Sa kabila ng mga pagsisikap na makapaghain ng kalidad na edukasyon para sa mga kabataan kahit na dumaranas ng pandaigdigang krisis pangkalusugan ay mahalagang mapunan ang mga kakulangan na dulot ng mga isinagawang interbensyon maipagpatuloy lamang ang edukasyon. Ito ay maisasakatuparan lamang sa muling pagsasagawa ng harapang pagkaklase kung saan ang interaksyon sa pagitan ng guro at mga mag-aaral ay magiging daan sa makatotohanang obserbasyon ng pagkatuto at pag-unlad nito. Ang hakbang na ito ay maaaring maglagay sa panganib sa kalusugan at seguridad ng guro't mga mag-aaral kaya mahalagang balansehin ng pamunuan ang positibo at negatibong epekto nito upang mapaghandaan ang mga bagay na maaaring mangyari. Kaugnay nito ay mariin ang paghihikayat na magpabakuna ang mga mag-aaral upang magsilbing proteksyon laban sa katunggaling hindi nakikita. Mainam na kalasag habang nasa loob at labas ng paaralan ang mga mag-aaral na maituturing na nabibilang sa sektor na vulnerable o mahina at madaling mahawaan ng mapanganib na sakit. Kaya naman ang programa na tinatawag na "Resbakuna: Kasangga ng Bida" sa pangunguna ng Kagawaran ng Kalusugan at pakikipagtulungan ng Kagawaran ng Edukasyon ay inilapit sa mga mag-aaral ang pagkakataon na magkaroon ng proteksyon laban sa nakahahawang sakit na COVID-19. Ang mga apbrudadong bakuna laban sa virus na katulad ng Moderna,

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Sinovac, Pfizer, Aztra Zenica, Sputnik V at iba pa ay ilan lamang sa maaaring makapagbigay ng karagdagang proteksiyon bukod sa pagkonsumo ng mga pagkaing nakapagpapalakas ng resistensya. Mahalaga ang papel na ginagampanan ng bawat isa sa pagpapabakuna higit lalo ng mga mag-aaral na magbabalik-eskwela upang mapabagal ang pagkalat ng virus. Mahabang panahon pa ang kailangang lagpasan upang tunay na mapagtagumpayan ang labang ito sa panganib na dulot ng nakahahawang sakit na COVID-19. Magiging kasangga ang mga guro hindi lamang sa pagsugpo ng virus ngunit pati na rin sa pagpapayaman ng kaalaman ng bawat kabataang Pilipino. Patuloy na mananalig at titindig sa minsang ipinahayag ng dating Kalihim Briones, "walang kahit isang magaaral ang maiiwan".

*References:*

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan